| | |
|---|---|
| Pangalan ng Patakaran: | Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta |
| Numero ng Patakaran: | 503 |
| Departamento: | Pananalapi |
| Functional na Larangan: | Pananalapi |
| Inaprubahan ng: | Bon Secours Mercy Health, Inc. Board of Directors |
| Petsa ng Bisa: | 3/1/2020 |
| Bersiyon: | 1.0 |
| Katayuan ng Patakaran: | Inaprubahan |

## *I. Patakaran (Mataas na Konsepto)*

Ayon sa itinaguyod ng IRS Code Section 501(r), ang Bon Secours Mercy Health ay naninindigang magbigay ng edukasyon sa mga pasyente at mga taga-garantiya dahil ito ay nauugnay sa pagsingil at pagkolekta ng pagbabayad sa mga serbisyong isinagawa. Hindi magsasagawa ang Bon Secours Mercy Health ng anumang kakaibang pagkilos sa paniningil (tulad ng tinukoy dito) laban sa isang indibiduwal para makakuha ng kabayaran para sa pangangalaga bago pa man isagawa ang makatuwirang mga pagsisikap upang matukoy kung karapat-dapat ang indibiduwal sa tulong para sa pangangalaga sa ilalim ng Patakaran sa HFA.

## *II. Layunin (Tatlong Pangunahing Mensahe)*

Alang-alang sa misyon nitong mapabuti ang kalusugan ng mga komunidad nito, na may espesyal na pagbibigay diin sa mahihirap at mga hindi masyadong napagsisilbihan, at sa diwa ng nakapagpapagaling na ministeryo ni Hesus, naninindigan ang Bon Secours Mercy Health na magbigay ng edukasyon sa mga pasyente nito at mga taga-garantiya kung paano ito nauugnay sa pagsingil at pagkolekta ng bayad sa mga serbisyong isinagawa. Ang bayad sa mga account ay laging hahabulin, anuman ang lahi, edad, kasarian, etnikong background, bansang pinagmulan, pagkamamamayan, pangunahing wika, relihiyon, edukasyon, katayuan sa pag-eempleyo o pag-aaral, disposisyon, relasyon, insurance coverage, katayuan sa komunidad, o anumang iba pang salik ng pagkakaiba na nagdidiskrimina. Para sa layuning iyon, hindi magsasagawa ang Bon Secours Mercy Health ng anumang kakaibang pagkilos sa paniningil (tulad ng tinukoy dito) laban sa isang indibiduwal para makakuha ng kabayaran para sa pangangalaga bago pa man isagawa ang makatuwirang mga pagsisikap upang matukoy kung karapat-dapat ang indibiduwal sa tulong para sa pangangalaga sa ilalim ng Patakaran sa HFA.

Ang bawat taga-garantiya ay bibigyan ng makatuwirang panahon at komunikasyon para malaman at maunawaan ang kanilang pinansiyal na responsibilidad. Pinansyal na responsable ang taga-garantiya para sa mga serbisyong aktuwal na nilaan at sapat na naidokumento. Malawak na ipapahayag ng mga kinatawan at/o itinalaga ng Bons Secours Mercy Health ang Patakaran sa HFA, sa pamamagitan ng, bukod sa iba pang mga bagay, pag-aalok ng kopya ng buod ng patakaran na isinulat sa payak na wika bago ma-discharge ang pasyente. Ang pag-unawa ng coverage ng insurance ng bawat taga-garantiya ay responsibilidad ng taga-garantiya. Ang anumang sariling pagbabayad na pananagutang sekundaryo sa insurance coverage ay itinakda ng insurance coverage ng taga-garantiya at disenyo ng benepisyo. Umaasa ang Bon Secours Mercy Health sa paliwanag ng mga benepisyo at ibang impormasyon mula sa taga-garantiya at sa insurance carrier para sa pagiging nararapat, paghahatol sa claim, at mga pagtutukoy ng responsibilidad ng pasyente.

### III. *Saklaw (Mga populasyon kung saan ilalapat ang patakaran)*

Nalalapat sa sumusunod na mga Pasilidad sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Bon Secours Mercy Health ang patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito. Nalalapat sa mga Pasilidad sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Bon Secours Mercy Health sa Estados Unidos ang patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito at hindi kasama rito ang anumang mga ospital o gamutan na matatagpuan sa labas ng Estados Unidos:

Cincinnati

- Mercy Health – Anderson Hospital
- Mercy Health – Clermont Hospital
- Mercy Health – Fairfield Hospital
- The Jewish Hospital – Mercy Health
- Mercy Health – West Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians Cincinnati LLC

Kentucky

- Mercy Health - Lourdes Hospital
- Mercy Health - Marcum and Wallace Hospital
- Bon Secours – Our Lady of Bellefonte Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians Kentucky LLC
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bellefonte Physician Services, LLC

Lima

- Mercy Health - St. Rita's Medical Center
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians Lima LLC

Lorain

- Mercy Health – Lorain Hospital
- Mercy Health - Allen Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians Lorain LLC

Springfield

- Mercy Health - Springfield Regional Medical Center
- Mercy Health – Urbana Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians Cincinnati LLC

Toledo

- Mercy Health - St. Vincent Medical Center
- Mercy Health - St. Charles Hospital
- Mercy Health - St. Anne Hospital
- Mercy Health - Defiance Hospital

- Mercy Health - Tiffin Hospital
- Mercy Health - Children's Hospital
- Mercy Health - Willard Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians – North LLC
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Medical Partners, Northern Region, LLC

Youngstown

- Mercy Health - St. Elizabeth Youngstown Hospital
- Mercy Health - St. Elizabeth Boardman Hospital
- Mercy Health - St. Joseph Warren Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Mercy Health Physicians Youngstown LLC

Richmond

- Bon Secours - St. Francis Medical Center
- Bon Secours – Richmond Community Hospital
- Bon Secours - Memorial Regional Medical Center
- Bon Secours - St. Mary's Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Medical Group Richmond Primary Care LLC
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Medical Group Richmond Specialty Care LLC

Rappahannock

- Rappahannock General Hospital
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Medical Group Richmond Primary Care LLC
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Medical Group Richmond Specialty Care LLC

Hampton Roads

- Bon Secours DePaul Medical Center
- Bon Secours Mary Immaculate Hospital
- Bon Secours Maryview Medical Center
- Bon Secours Health Center at Harbour View
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Medical Group Hampton Roads Primary Care LLC
- Mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Medical Group Hampton Roads Specialty

South Carolina

- St. Francis Downtown
- St. Francis Eastside
- St. Francis Millennium
- Mga lokasyon ng gamutan ng St. Francis Physician Services, Inc.

Southern Virginia

- Bon Secours Mercy Health Petersburg LLC*
- Bon Secours Mercy Health Emporia LLC*
- Bon Secours Mercy Health Franklin LLC*

* May bisa ang patakarang ito sa Pagsingil at Pagkolekta simula Enero 1, 2020 para sa mga ospital sa Southern Virginia kapag nakumpleto na ang transaksyon sa pagbili ng asset.

## *IV. Mga Detalye ng Patakaran (Mga Pansuportang Puntos)*

Patakaran:

Ang isang pahayag ng mga serbisyo ng ospital ay ipadadala sa pasyente/taga-garantiya sa mga siklo ng nadadagdagang pagsingil. Sa mga kaso kung saan ang pasyente ay walang insurance coverage, iyon ay pasyenteng nagbabayad nang sarili, ang pahayag ay ipadadala matapos isagawa ang mga serbisyo. Sa karamihan ng mga kaso kapag ang mga pasyente ay may coverage sa pamamagitan ng insurance carrier, ang mga pahayag ay ipadadala matapos maisagawa ang mga serbisyo, naisumite ang claim at may hatol na ang insurance carrier tungkol sa claim. May ilang kaso, halimbawa, kapag nahinto ang paghatol sa claim dahil kailangan ng pasyenteng magbigay ng karagdagang impormasyon, kung saan ang pahayag ay ipadadala sa pasyente at/o taga-garantiya bago iproseso ang claim.

Maaaring subukang makipag-ugnay ng mga kinatawan at/o mga itinalaga ng Bon Secours Mercy Health sa pasyente/taga-garanitya (sa pamamagitan ng telepono, koreo o email) sa siklo ng pagsingil ng pahayag ng pagkakautang upang makakolekta. Ang pagsusumikap sa pagkolekta ay nakadokumento sa account ng pasyente.

Siklo ng Pahayag ng Pagkakautang:

Ang siklo ng pahayag ay susukatin mula sa unang pahayag na ipinadala sa pasyente (petsa ng pagpapadala) at kasama ang sumusunod:

- Ang mga kasunod na pahayag na ipinapadala sa pasyente/taga-garantiya na nadadagdagan kada 30 araw para marating ang proseso ng pahayag:
    - Ika-1 – Petsa ng unang singil
    - Ika-2 – 30 Araw makalipas
    - Ika-3 – 60 Araw makalipas
    - Ika-4 – 90 Araw makalipas at abiso ng pagsumite sa Ahensiya ng Pagkolekta kung hindi pa nababayaran ang halagang dapat bayaran o hindi pa natatanggap ang aplikasyon sa HFA
    - Ika-5 – 120 Araw makalipas – Pagsumite sa Ahensiya ng Pagkolekta (pinadala ang liham mula sa Mga Pagkolekta), na sasailalim sa mga probisyon ng patakarang ito.
    - Maaaring gumamit ng sekundaryo o ikatlong Ahensiya ng Pagkolekta, na sasailalim sa mga probisyon ng patakarang ito.

<u>Mga Hindi Pangkaraniwang Pagkilos sa Pagkolekta o Extraordinary Collection Actions (Mga ECA):</u>

- Patakaran ng Bon Secours Mercy Health ang hindi magsagawa ng mga ECA laban sa indibiduwal para makakuha ng kabayaran para sa pangangalaga bago maisagawa ang mga makatuwirang pagsisikap upang matukoy kung ang indibiduwal ay karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng Patakaran sa HFA.
- Kasama ng mga ECA ang pag-ulat ng masamang impormasyon tungkol sa indibiduwal sa mga ahensiyang nag-uulat ng kredito ng mamimili o mga credit bureau.
- Maaaring isagawa ng Bon Secours Mercy Health ang mga ECA na nakabalangkas sa itaas sa pagkolekta ng mga delingkuwenteng account. Hindi aaprubahan ng Bon Secours Mercy Health ang anumang legal na pagkilos na gagawin sa pagkolekta ng mga delingkuwenteng account ng sinumang mga vendor na nagtatrabaho sa ngalan ng Bon Secours Mercy Health. Hindi ipagpapaliban o tatanggihan ng Bon Secours Mercy Health, o hihiling ng bayad bago ang pagkakakaloob ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng isang indibiduwal ng isa o higit pang mga bill para sa pangangalagang ipinagkaloob dati na sakop ng Patakaran sa HFA.

<u>Mga Pagsusumikap para Matukoy ang Pagiging Nararapat para sa HFA:</u>

- Pahihintulutan ng Bon Secours Mercy Health ang mga pasyenteng magsumite ng kumpletong mga aplikasyon para sa HFA sa 240-araw na Panahon ng Aplikasyon (ayon sa kahulugan dito).
- Hindi magsasagawa ang Bon Secours Mercy Health ng mga ECA laban sa pasyente o taga-garantiya nang hindi gumagawa ng mga makatuwirang pagsisikap para matukoy ang pagiging nararapat ng pasyente sa ilalim ng patakaran sa HFA. Sa Partikular:
  - Aabisuhan ng Bon Secours Mercy Health ang mga indibiduwal tungkol sa Patakaran sa HFA ayon sa nakasalarawan dito bago simulan ang anumang mga ECA para makakuha ng bayad sa pangangalaga at iiwasang simulan ang mga nasabing ECA sa hindi bababa sa 120 araw mula sa unang pahayag ng pagsingil para sa pangangalaga pagkatapos ma-discharge.
  - Kung nilalayon ng Bon Secours Mercy Health na isagawa ang mga ECA, magaganap ang sumusunod nang hindi bababa sa 30 araw bago unang simulan ang isa o mas marami pang mga ECA:
    - Aabisuhan ng Bon Secours Mercy Health ang pasyente sa pamamagitan ng sulat na may tulong pinansiyal para sa mga nararapat na indibiduwal, kikilalanin ang mga ECA na nilalayong isagawa ng pasilidad (o ibang awtorisadong partido) para makuha ang bayad sa pangangalaga, at nagsasaad ng deadline kung kailan maaaring isagawa ang mga naturang ECA pagkalipas nito na hindi mas maaga sa 30 araw makalipas ang petsa kung kailan ibinigay ang nakasulat na abiso;
    - Ang abiso sa itaas ay may kasamang buod ng patakaran sa HFA na isinulat sa payak na wika;
    - Gagawa ang Bon Secours Mercy Health ng makatuwirang pagsusumikap para berbal na abisuhan ang pasyente tungkol sa patakaran sa HFA at paano maaaring makakuha ang indibiduwal ng tulong sa proseso ng aplikasyon.
  - Kung pinagsama ng Bon Secours Mercy Health ang mga umiiral na singil sa indibiduwal para sa maraming bahagi ng pangangalaga bago simulan ang isa o mas marami pang ECA para makakuha ng bayad sa mga singil na ito, iiwasan

nitong simulan ang mga ECA hanggang 120 araw matapos nitong ibigay ang unang pahayag ng pagsingil pagkatapos mapalabas sa ospital ang pasyente para sa pinakakamakailang episodyo ng pangangalaga na kasama sa suma total.

Pagproseso ng mga Aplikasyon para sa HFA:

- Kung magsumite ang indibiduwal ng hindi kumpletong aplikasyon para sa HFA sa Panahon ng Aplikasyon, ang Bon Secours Mercy Health ay:
  - Magsususpinde ng anumang mga ECA para makakuha ng bayad para sa pangangalaga; at
  - Magbibigay sa indibiduwal ng nakasulat na abiso na naglalarawan sa karagdagang impormasyon at/o dokumentasyon na kinakailangan sa ilalim ng Patakaran sa HFA o form ng aplikasyon sa HFA na dapat isumite para makumpleto ang aplikasyon at kasama rito ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa Bon Secours Mercy Health na nakasaad sa dulo ng patakarang ito.
- Kung magsumite ang indibiduwal ng kumpletong aplikasyon para sa HFA sa Panahon ng Aplikasyon, ang Bon Secours Mercy Health ay:
  - Magsususpinde ng anumang mga ECA para makakuha ng bayad para sa pangangalaga;
  - Magsasagawa ng pagtutukoy kung ang indibiduwal ay nararapat sa HFA para sa pangangalaga at aabisuhan ang indibiduwal sa pamamagitan ng sulat tungkol sa determinasyon sa pagiging nararapat (kabilang ang, kung naaangkop, ang tulong kung para saan nararapat ang indibiduwal) at ang batayan para sa determinasyong ito.
  - Kung natukoy na nararapat ang indibiduwal sa HFA para sa pangangalaga, ang Bon Secours Mercy Health ay:
    - Kung ang indibiduwal ay natukoy na nararapat sa tulong maliban sa libreng pangangalaga, magbibigay sa indibiduwal ng sumusunod:
      - Pahayag ng pagsingil na tumutukoy sa halaga ng utang ng indibiduwal para sa pangangalaga bilang nararapat sa HFA na indibiduwal
      - Paano natukoy ang halagang iyon at
      - Isaad, o isalarawan kung paano makakakuha ang indibiduwal ng impormasyon patungkol sa AGB para sa pangangalaga; o
      - Isaad, o isalarawan kung paano makakapag-apply ang indibiduwal sa mas galanteng tulong sa ilalim ng HFA.
    - I-refund sa indibiduwal ang anumang halaga na binayaran niya para sa pangangalaga (ito man ay sa Bon Secours Mercy Health o alinmang iba pang partido na sinangguni ng Bon Secours Mercy Health para ibenta ang utang ng indibiduwal sa pangangalaga) na lampas sa halaga na natukoy na personal siyang may pananagutan sa pagbabayad bilang nararapat sa HFA na indibiduwal, maliban kung ang nasabing sobrang halaga ay mas mababa sa $5 (o naturang ibang halaga na nalathala sa Internal Revenue Bulletin).
    - Isagawa lahat ng makatuwirang magagamit na pamamaraan para mabaliktad ang anumang ECA (maliban sa pagbebenta ng utang) na isinagawa laban sa indibiduwal para makakuha ng bayad sa pangangalaga.

- Kung walang aplikasyon sa HFA ang isinumite, maliban kung at hanggang matanggap ng Bon Secours Mercy Health ang aplikasyon sa HFA sa Panahon ng Aplikasyon, maaaring simulan ng Bon Secours Mercy Health, kung naaangkop, ang mga ECA para makakuha ng bayad para sa pangangalaga sa sandaling maabisuhan ang indibiduwal tungkol sa HFA na nakalarawan dito.

Mga Samu't Saring Probisyon:

- **Patakaran Laban sa Pang-aabuso –** Hindi ibabatay ng Bon Secours Mercy Health ang determinasyon nito na ang indibiduwal ay hindi nararapat sa HFA sa impormasyon na may dahilan ang Bon Secours Mercy Health na paniwalaan bilang hindi maaasahan o mali o sa impormasyong nakuha mula sa indibiduwal sa ilalim ng duress o sa pamamagitan ng paggamit ng mga mapamilit na pamamaraan.

- **Pagdetermina ng Pagiging Nararapat sa Medicaid –** Hindi mabibigo ang Bon Secours Mercy Health na gumawa ng makatuwirang pagsusumikap na malaman kung ang indibiduwal ay nararapat sa HFA para sa pangangalaga, kung, sa pagtanggap ng kumpletong aplikasyon para sa HFA mula sa indibiduwal na sa paniwala ng Bon Secours Mercy Health ay maaaring kuwalipikado para sa Medicaid, ipinagpaliban ng Bon Secours Mercy Health ang pagdetermina kung ang indibiduwal ay nararapat sa HFA para sa pangangalaga hanggang makalipas makumpleto at maisumite ang aplikasyon sa Medicaid ng indibiduwal at ang pagdetermina sa pagiging nararapat ng indibiduwal sa Medicaid ay naisagawa.

- **Walang Pagpapaubaya ng Aplikasyon para sa HFA –** Ang pagkuha ng nilagdaang pagpapaubaya mula sa indibiduwal, tulad ng nilagdaang pahayag na ayaw mag-apply ng indibiduwal para sa tulong sa ilalim ng patakaran sa HFA o makatanggap ng mga abiso na isinalarawan dito, ay hindi mismo bubuo ng determinasyon na ang indibiduwal ay hindi nararapat sa HFA.

- **Panghuling Awtoridad sa Pagtukoy ng Pagiging Nararapat sa HFA –** Ang panghuling awtoridad sa pagdetermina kung ang Bon Secours Mercy Health ay gumawa ng mga makatuwirang pagsusumikap para matukoy kung ang indibiduwal ay nararapat sa HFA at maaaring samakatuwid ay magsagawa ng mga ECA laban sa indibiduwal ay nakasalalay sa Bon Secours Mercy Health Patient Financial Services Department.

- **Mga Kasunduan sa Mga Ibang Partido –** Kung ang Bon Secours Mercy Health ay nagbebenta o nagdidirekta ng utang ng indibiduwal na kaugnay ng pangangaalaga sa ibang partido, papasok ang Bon Secours Mercy Health sa legal na ipatutupad na nakasulat na kasunduan sa partido na makatuwirang dinisenyo para masiguro na walang mga ECA ang isasagawa para makakuha ng bayad para sa pangangalaga hangga't magsagawa ng mga makatuwirang pagsusumikap para matukoy kung ang indibiduwal ay nararapat sa HFA para sa pangangalaga.

- **Elektronikong Pagbibigay ng Mga Dokumento –** Maaaring magbigay ang Bon Secours Mercy Health ng anumang nakasulat na abiso o komunikasyong nakasalarawan sa patakarang ito nang elektroniko (halimbawa, gamit ang email) sa alinmang indibiduwal na nagsasaad na mas gusto niyang makatanggap ng nakasulat na abiso o komunikasyon nang elektroniko.

## *V. Mga Kahulugan*

- **AGB –** Mga halagang sa pangkalahatan ay sinisingil para sa emerhensiya o ibang medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga indibiduwal na may insurance coverage.

- **Application Period (Panahon ng Aplikasyon) –** Ang panahon kung kailan dapat tumanggap at magproseso ng aplikasyon para sa tulong pinansiyal ang Bon Secours Mercy Health sa ilalim ng HFA na isinumite ng isang indibiduwal upang magawa ang makatuwirang pagsisikap para matukoy kung kwalipikado ang indibiduwal para sa tulong pinansiyal sa ilalim ng patakaran. Ang Panahon ng Aplikasyon ay magsisimula sa petsa kung kailan inilaan ang pangangalaga at magtatapos sa huling bahagi ng ika-240 araw makalipas ang petsa kung kailan ibinigay ang unang pahayag ng pagsingil sa pangangalaga matapos palabasin sa ospital ang pasyente o hindi bababa sa 30 araw matapos magbigay ang Bon Secours Mercy Health sa indibiduwal ng nakasulat na abiso na nagtatakda ng deadline kung kailan maaaring simulan ang mga ECA pagkalipas nito.

- **BSMH –** Bon Secours Mercy Health at Bon Secours Mercy Health Medical Group

- **BSMH Healthcare Facilities –** Mga ospital at lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Mercy Health na pinamamahalaan at/o pinapatakbo ng mga subsidiary ng mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Mercy Health Medical Group.

- **ECAs –** Extraordinary Collection Actions (Mga Bukod-tanging Pagkilos sa Pagkolekta) na isinagawa ng Bon Secours Mercy Health laban sa isang indibiduwal kaugnay ng pagkuha ng kabayaran para sa pangangalagang sinasaklaw ng HFA

- **HFA –** Healthcare Financial Assistance (Tulong Pinansiyal para sa Pangangalagang Pangkalusugan)

- **HFA Policy –** Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Bon Secours Mercy Health.

- **HFA-Eligible Individual –** Isang indibiduwal na kwalipikado para sa tulong pinansiyal sa ilalim ng Patakaran sa HFA (nang hindi alintana kung nag-apply ang indibiduwal para sa tulong sa ilalim ng Patakaran sa HFA).

## *VI. Mga Kalakip*

Kalakip 1 – Seksyon ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnay sa Bon Secours Mercy Health

### *VII. Mga Kaugnay na Patakaran*

Nag-aalok ang Bon Secours Mercy Health ng iba pang mga opsyon para sa mga pasyenteng walang insurance o hindi sapat ang insurance na hindi kwalipikado para sa tulong pinansiyal sa ilalim ng Patakaran sa HFA. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tingnan ang mga sumusunod na patakaran ng Bon Secours Mercy Health:

- Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Bon Secours Mercy Health
- Patakaran sa Diskuwento para sa Walang Insurance / Sariling Pagbabayad ng Bon Secours Mercy Health

### *VIII. Kontrol sa Bersiyon*

| Bersiyon | Petsa | Pagsasalarawan | Inihanda Ni |
|---|---|---|---|
| 1.0 | 11/25/2019 | Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta | Pananalapi / Travis Crum |

**Kalakip 1**

**Impormasyon sa Pakikipag-ugnay:**
Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kontakin ang Bon Secours Mercy Health ayon sa sumusunod para sa mga ospital ng **Mercy Health**:

<table>
<tr><td>Website</td><td colspan="2">www.bsmhealth.org/financial-assistance<br>www.mercy.com/financial-assistance</td></tr>
<tr><td>Telepono</td><td colspan="2">1-877-918-5400</td></tr>
<tr><td>Sa Koreo</td><td colspan="2">11511 Reed Hartmann Highway<br>Blue Ash, Ohio 45241<br>Attention: Public Benefits</td></tr>
<tr><td>Personal</td><td>Mercy Health - Anderson Hospital<br>7500 State Road<br>Cincinnati, OH 45255<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health – Clermont Hospital<br>3000 Hospital Drive<br>Batavia, Ohio 45103<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health – Fairfield Hospital<br>3000 Mack Road<br>Fairfield, Ohio 45014<br>Dept: Financial Counseling<br>The Jewish Hospital – Mercy Health<br>4777 E. Galbraith Road<br>Cincinnati, Ohio 45236<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health – West Hospital<br>3300 Mercy Health Blvd.,<br>Cincinnati, Ohio 45211<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - Springfield Regional Medical Center<br>100 Medical Center Drive (sa West North St)<br>Springfield, Ohio, 45504<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health – Urbana Hospital<br>904 Scioto St,<br>Urbana, OH 43078<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - St. Rita's Medical Center<br>730 W. Market St. Lima, OH 45801<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - Lourdes Hospital<br>1530 Lone Oak Rd<br>Paducah, KY 42003<br>Dept: Financial Counseling</td><td>Mercy Health - St. Anne Hospital<br>3404 W. Sylvania Avenue<br>Toledo, OH 43623<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - Defiance Hospital<br>1404 E. Second Street<br>Defiance, OH 43512<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - Tiffin Hospital<br>45 St. Lawrence Drive<br>Tiffin, OH 44883<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - Children's Hospital<br>2213 Cherry Street<br>Toledo, OH 43608<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - Willard Hospital<br>1100 Neal Zick Rd.<br>Willard, OH 44890<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - St. Elizabeth Youngstown Hospital<br>1044 Belmont Ave.<br>Youngstown, OH 44501<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - St. Elizabeth Boardman Hospital<br>8401 Market St.<br>Boardman, OH 44512<br>Dept: Financial Counseling<br>Mercy Health - St. Joseph Warren Hospital<br>667 Eastland Avenue<br>Warren, Ohio 44484<br>Dept: Financial Counseling</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Mercy Health - Marcum and Wallace Hospital**<br>60 Mercy Court Irvine, KY 40336<br>Dept: Financial Counseling<br>**Mercy Health - St. Vincent Medical Center**<br>2213 Cherry Street<br>Toledo, OH 43608<br>Dept.: Financial Counseling<br>**Mercy Health - St. Charles Hospital**<br>2600 Navarre Avenue<br>Oregon, OH 43616<br>Dept.: Financial Counseling | **Mercy Health – Lorain Hospital**<br>3700 Kolbe Rd.<br>Lorain, OH 44053<br>Dept: Financial Counseling<br>**Mercy Health - Allen Hospital**<br>200 W. Lorain St.<br>Oberlin, Ohio 44074<br>Dept: Financial Counseling |

**Impormasyon:**
Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kontakin ang Bon Secours Mercy Health ayon sa sumusunod para sa mga **ospital ng Bon Secours**:

| | | |
|---|---|---|
| *Website* | www.bsmhealth.org/financial-assistance<br>www.fa.bonsecours.com | |
| *Telepono* | 804-342-1500 (Local Richmond)<br>877-342-1500 | |
| *Sa Koreo* | Bon Secours Financial Assistance Program<br>P.O. Box 742431<br>Atlanta GA 30374-2431 | |
| *Personal* | **Bon Secours St. Francis Medical Center**<br>13710 St. Francis Boulevard<br>Midlothian, VA 23114<br>Dept: Financial Counseling<br>**Bon Secours – Richmond Community Hospital**<br>1500 N. 28th Street<br>Richmond, VA 23223<br>Dept: Financial Counseling<br>**Bon Secours Memorial Regional Medical Center**<br>8260 Atlee Road<br>Mechanicsville, VA 23116<br>Dept: Financial Counseling<br>**Bon Secours St. Mary's Hospital**<br>5801 Bremo Road<br>Richmond, VA 23226<br>Dept: Financial Counseling<br>**Rappahannock General Hospital**<br>101 Harris Road<br>Kilmarnock, VA 22482<br>Dept: Financial Counseling<br>**Bon Secours DePaul Medical Center**<br>150 Kingsley Lane<br>Norfolk, VA 23505<br>Dept: Financial Counseling | **Bon Secours Mary Immaculate Hospital**<br>2 Bernadine Dr<br>Newport News, VA 23602<br>Dept: Financial Counseling<br>**Bon Secours Maryview Medical Center**<br>3636 High Street<br>Portsmouth, VA 23707<br>Dept: Financial Counseling<br>**Bon Secours Health Center at Harbour View**<br>5818 Harbour View Boulevard<br>Suffolk, VA 23435<br>Dept: Financial Counseling<br>**St. Francis Downtown**<br>One St. Francis Drive<br>Greenville, SC 29601<br>Dept: Financial Counseling<br>**St. Francis Eastside**<br>125 Commonwealth Drive<br>Greenville, SC 29615<br>Dept: Financial Counseling<br>**St. Francis Millennium**<br>2 Innovation Drive<br>Greenville, SC 29607<br>Dept: Financial Counseling |

| | | |
|---|---|---|
| | **Bon Secours Our Lady of Bellefonte Hospital**<br>1000 St. Christopher Drive<br>Ashland, KY 41101<br>Dept: Financial Counseling | |

**Impormasyon:**
Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kontakin ang Bon Secours Mercy Health ayon sa sumusunod para sa mga ospital ng **Southern Virginia**:

| | | |
|---|---|---|
| *Website* | www.bsmhealth.org/financial-assistance<br>www.fa.bonsecours.com | |
| *Telepono* | 804-765-5557 | |
| *Sa Koreo* | Bon Secours Financial Assistance Program<br>200 Medical Park Blvd.<br>Petersburg, VA 23805 | |
| *Personal* | **Bon Secours Mercy Health Petersburg LLC**<br>**(Dating kilala bilang Southside Regional Medical Center)**<br>200 Medical Park Blvd<br>Petersburg, VA 23805<br>**Bon Secours Mercy Health Emporia LLC**<br>**(Dating kilala bilang Southern Virginia Regional Medical Center)**<br>727 N Main Street<br>Emporia, VA 23847<br>**Bon Secours Mercy Health Franklin LLC**<br>**(Dating kilala bilang Southampton Memorial Hospital)**<br>100 Fairview Drive<br>Franklin, VA 23851 | |

**Impormasyon:**
Para sa higit na impormasyon, makipag-ugnay sa Bon Secours Mercy Health ayon sa sumusunod para sa **mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Mercy Health Medical Group sa Ashland, Kentucky; Richmond, VA; Rappahannock, VA; Hampton Roads, VA; o South Carolina**:

| | |
|---|---|
| *Website* | http://mercyhealthapps.com/files/BSMHVAll Markets_Practice Field List MASTER FILE.xlsx |
| *Telepono* | 866-496-9229 |
| *Sa Koreo* | **Ensemble Health Partners**<br>PO Box 742431<br>Atlanta, GA 30374-2431 |

**Impormasyon:**
Para sa higit na impormasyon, makipag-ugnay sa Bon Secours Mercy Health ayon sa sumusunod para sa **mga lokasyon ng gamutan ng Bon Secours Mercy Health Medical Group sa Cincinnati, Ohio; Paducah, Kentucky; Irvine, Kentucky; Lima, Ohio; Lorain, Ohio; Springfield, Ohio; Toledo, Ohio; o Youngstown, Ohio**:

| | |
|---|---|
| *Website* | http://mercyhealthapps.com/files/BSMHVAll Markets_Practice Field List MASTER FILE.xlsx |
| *Telepono* | 1-877-918-5400 |
| *Sa Koreo* | **Ensemble Health Partners**<br>11511 Reed Hartmann Highway<br>Blue Ash, Ohio 45241 |